BC CANCER BREAST SCREENING
Provincial Health Services Authority

Paalala sa Breast Screening

Notice Date

Jane Sample
0123 Sample Street APT 01
City, Province, Postal Code

Mahal na Jane,
Panahon na upang magpa-book ng iyong susunod na screening mammogram. Ang mga screening mammogram ay makakatulong na matukoy ang kanser sa suso nang maaga, kung kailan mas marami ang mga opsyon sa paggamot at mas mataas ang tsansa ng kaligtasan.

Kasalukuyan akong may primary care provider:

I-book ang iyong Breast Screening Appointment Online

Pumunta sa: **screeningbc.ca/bookbreastscreening**	Ang iyong booking code**:** **SAMPLE-XXX-1234**

Maaari kang ligtas at madaling maghanap ng mga available na appointment sa mga Breast Screening Centre at mobile mammography stop sa buong lalawigan. Maaari ka ring mag-sign up para sa mga paalala sa pamamagitan ng text message at mag-reschedule ng mga umiiral na appointment. Dapat matugunan ang mga kinakailangan sa pagiging kwalipikado upang makapag-book online. Mangyaring suriin ang mga tanong tungkol sa pagiging kwalipikado sa simula ng proseso ng online booking at sundin ang mga kaukulang tagubilin.

Kasalukuyan akong walang primary care provider:

Bisitahin ang screeningbc.ca/breast/get-screened para sa mga opsyon ng primary care provider na sumusuporta sa screening, pagkatapos ay makipag-ugnayan sa isang screening centre na malapit sa iyo sa screeningbc.ca/breast/clinic-locator

Mangyaring huwag pansinin ang abisong ito kung ang screening ay hindi naaangkop sa kasalukuyan dahil sa iyong kalagayang pangkalusugan. Kung mayroon kang mga katanungan o alalahanin tungkol sa iyong kalusugan, o kung nais mong malaman ang mga benepisyo at limitasyon ng screening mammography, mangyaring makipag-usap sa iyong health care provider.

Umaasa akong isasaalang-alang mong i-book ang iyong mammogram ngayon.

Lubos na gumagalang,

Dr. Charlotte Yong-Hing
Breast Screening Medical Director

Notice ID: XXXXXXXXXXXXX

SAMPLE

BC CANCER BREAST SCREENING
Provincial Health Services Authority

Paalala sa Breast Screening

Kailan ako dapat magpa-mammogram?
Kung mayroon kang isang first-degree relative (ina, kapatid na babae, anak na babae, ama, kapatid na lalaki, anak na lalaki) na may kanser sa suso, dapat kang magpa-mammogram taun-taon. Kung wala kang kasaysayan ng kanser sa suso sa pamilya, maaari kang magpa-mammogram kada 2 taon.

Mayroon bang mga sitwasyon kung saan hindi ako dapat magpa-screening mammogram?
Kung ikaw ay na-diagnose na may kanser sa suso, may breast implants, buntis, nagpapasuso o nagpasuso sa loob ng nakaraang 3 buwan, o sumailalim sa operasyon sa suso sa loob ng nakaraang 3 buwan, maaaring hindi angkop ang screening para sa iyo sa kasalukuyan. Mangyaring makipag-usap sa iyong health care provider upang talakayin ang iyong mga opsyon para sa screening.

Hindi ako makahanap ng available na appointment sa aking gustong Breast Screening Centre. Ano ang dapat kong gawin?
Ang ilang Breast Screening Centre ay nakakaranas ng mahabang oras ng paghihintay. Maaaring kailanganin mong maghanap ng mga appointment ilang buwan mula sa kasalukuyang petsa upang makakita ng mga available na oras. Bilang alternatibo, maaari kang maghanap ng appointment sa ibang Breast Screening Centre na malapit sa iyo.

Darating ba ang mobile mammography unit sa aking komunidad?
Mangyaring bisitahin ang Clinic Locator sa **screeningbc.ca/clinic-locator** para sa pinakabagong iskedyul.

May napansin akong mga pagbabago sa aking suso. Ano ang dapat kong gawin?
Kung may napansin kang anumang bagong pagbabago sa iyong suso, tulad ng bukol o paglabas ng likido mula sa utong, mangyaring makipag-usap agad sa iyong health care provider upang malaman kung kinakailangan ang ibang pagsusuri, kahit na mayroon ka nang naka-iskedyul na appointment. Ang screening mammography ay isang hindi agarang pagsusuri na inilaan para sa mga taong walang sintomas.

Mga katanungan tungkol sa pag-book ng appointment o mga abiso?
Mangyaring bisitahin ang screeningbc.ca/breast **o** screeningbc.ca/notifications para sa karagdagang impormasyon.

Ang iyong personal na impormasyon ay kinokolekta at pinoprotektahan laban sa hindi awtorisadong paggamit at pagsisiwalat, alinsunod sa BC Freedom of Information Protection of Privacy Act, at maaari lamang gamitin at ibunyag ayon sa pinahihintulutan ng Batas na ito. Ang personal na impormasyong ito ay ginagamit upang magbigay ng mga serbisyong medikal at suportahan ang mga pasyente sa Breast Screening Program. Ang nakolektang impormasyon ay ginagamit para sa pamamahala ng quality assurance at ibinabahagi sa mga healthcare practitioner na kasangkot sa pagbibigay ng pangangalaga o kung kinakailangan ng batas. Bukod dito, ipapaalam ng Breast Screening Program sa mga pasyente ang kanilang mga resulta, magpapadala ng mga paalala sa mga pasyente at kanilang mga primary care provider tungkol sa muling screening o follow-up, at magsasagawa at magmomonitor ng kalidad at pagganap ng proseso ng screening.

Kung mayroon kang anumang katanungan tungkol sa pangongolekta ng impormasyong ito ng BC Cancer, maaari kang makipag-ugnayan sa: 801 – 686 West Broadway, Vancouver BC V5Z 1G1, o mag-email sa: screening@bccancer.bc.ca. Kung natanggap mo ang impormasyong ito nang hindi sinasadya, mangyaring makipag-ugnayan agad sa nagpadala.